



Wikang Filipino Bilang Tinig ng Bayan: Wika, Pagkakakilanlan, at Pakikilahok sa Lipunan

Lorena B. Tiana

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University,
R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000
Corresponding email: lorenabawi344@gmail.com*

Ang wika ay hindi lamang paraan upang maipahayag ang iniisip. Ito rin ay paraan upang makilala natin ang ating sarili, maunawaan ang iba, at makilahok sa lipunang ating ginagalawan. Sa Pilipinas, kung saan maraming wika at kultura ang nagsasalubong, mahalagang pag-usapan ang papel ng wikang Filipino bilang isang wikang nag-uugnay sa magkakaibang karanasan ng mga Pilipino.

Ang Filipino ay hindi dapat tingnan bilang simpleng koleksiyon ng mga salita o bilang wikang ginagamit lamang sa mga asignatura sa paaralan. Ito ay bahagi ng ating pambansang identidad at isang mahalagang kasangkapan sa pakikipag-ugnayan. Gayunpaman, ang pagiging pambansang wika ay hindi nangangahulugang dapat nitong palitan ang mga katutubong wika. Sa halip, maaari itong magsilbing tulay sa pagitan ng iba't ibang pamayanang may kani-kanilang wika at kultura.

Makikita ang ganitong komplikasyon sa kasaysayan ng language policy sa Pilipinas. Ayon kina Tupas at Martin (2017), ang paggamit ng Filipino at English sa edukasyon ay nakaugat sa magkakaibang postkolonyal, nasyonalista, at etnolingguwistikong pananaw. Ipinapakita nito na ang usapin ng wika ay hindi kailanman simpleng usapin ng komunikasyon lamang; nakaugnay din ito sa kapangyarihan at sa pananaw tungkol sa bansa.

Mahalaga rin ang paraan kung paano ginagamit ng mga Pilipino ang iba't ibang wika sa aktuwal na pakikipag-ugnayan. Sa pag-aaral ni Osborne (2020) sa isang provincial classroom sa Pilipinas, ipinakatang ang code-switching sa pagitan ng English, Filipino, at Ilocano ay maaaring maging paraan ng pagpapahayag at pagbuo ng ethnolinguistic identity. Ibig sabihin, ang paggamit ng higit sa isang wika ay hindi awtomatikong tanda ng kalituhan. Maaari itong maging estratehiya upang maipahayag kung sino tayo at kung saan tayo nabibilang.

May kaugnayan dito ang mga paniniwala ng mga guro at institusyon tungkol sa wika. Sa pag-aaral ni Velasco (2025), lumitaw na ang language ideologies ng mga guro ay nakaaapekto sa paraan ng pagpapatupad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education sa Pilipinas. May tensiyon sa pagitan ng pagpapahalaga sa lokal na wika bilang simbolo ng identidad at ng praktikal na halaga ng English para sa edukasyon at trabaho.

Ang ganitong tensiyon ay hindi bago. Ipinaliwanag ni Bernardo (2004) na matagal nang may mataas na katayuan ang English sa Philippine education dahil sa kasaysayan ng kolonyal na sistema ng edukasyon. Dahil dito, patuloy na hinaharap ng Filipino ang hamon na magkaroon ng sapat na espasyo sa mga larangang akademiko at propesyonal.





Gayunman, hindi kailangang maging kompetisyon ang Filipino at English. Ang mas mahalagang tanong ay kung paano makagagamit ang mga Pilipino ng maraming wika nang hindi nawawala ang pagpapahalaga sa sariling identidad. Sa isang multilingual na bansa, maaaring magkaroon ng iba't ibang tungkulin ang bawat wika. Ang Filipino ay maaaring maging wikang nag-uugnay, habang ang mga katutubong wika ay patuloy na nag-iingat ng lokal na kasaysayan at kultura.

Mahalaga ang Filipino sa pakikilahok sa lipunan dahil nagbibigay ito ng mas malawak na pagkakataon para sa pagpapahayag. Sa Filipino maaaring talakayin ang mga usaping panlipunan, ipaliwanag ang mga pampublikong programa, magbahagi ng opinyon, at makipagdebate tungkol sa mga isyung nakaaapekto sa ordinaryong mamamayan. Sa ganitong paraan, ang wika ay nagiging instrumento ng civic participation.

Ipinapakita rin ng pag-aaral ni Metila, Pradilla, at Williams (2016) tungkol sa multilingual education sa Pilipinas na kailangang iangkop ang mga language practices sa aktuwal na linguistic diversity ng mga komunidad. Hindi maaaring magkaroon ng iisang solusyon para sa lahat dahil magkakaiba ang wika at pangangailangan ng bawat lugar.

Sa huli, ang wikang Filipino ay tinig ng bayan hindi dahil ito lamang ang dapat nating gamitin, kundi dahil maaari nitong paglapitin ang magkakaibang tinig ng isang multilingual na bansa. Ang tunay na lakas ng Filipino ay nasa kakayahan nitong magbigay-daan sa pag-uusap, pagkakaunawaan, at pakikilahok.

Habang patuloy na nagbabago ang lipunan, dapat ding patuloy na umunlad ang Filipino. Ang hamon ay hindi ang gawing pare-pareho ang paraan ng pagsasalita ng mga Pilipino. Ang hamon ay tiyaking anuman ang ating wika, mayroon tayong puwang upang magsalita, marinig, at makilahok bilang bahagi ng bayan.

References

- Bernardo, A. I. (2004). McKinley's questionable bequest: Over 100 years of English in Philippine education. *World Englishes*, 23(1), 17–31. <https://doi.org/10.1111/j.1467-971X.2004.00332.x>
- Metila, R. A., Pradilla, L. A. S., & Williams, A. B. (2016). The challenge of implementing mother tongue education in linguistically diverse contexts: The case of the Philippines. *The Asia-Pacific Education Researcher*, 25, 537–546. <https://doi.org/10.1007/s40299-016-0310-5>
- Osborne, D. (2020). Codeswitching practices from “other tongues” to the “mother tongue” in the provincial Philippine classroom. *Linguistics and Education*, 55, 100780. <https://doi.org/10.1016/j.linged.2019.100780>
- Tupas, R., & Martin, I. P. (2017). Bilingual and mother tongue-based multilingual education in the Philippines. In O. García, A. Lin, & S. May (Eds.), *Bilingual and Multilingual Education*. Springer. https://doi.org/10.1007/978-3-319-02258-1_18





Velasco, Y. P. (2025). The interplay between language ideologies and Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE) policy implementation in the Philippines. *The Asia-Pacific Education Researcher*, 34, 765–775. <https://doi.org/10.1007/s40299-024-00894-7>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000010; Natanggap: Pebrero 08, 2026; Tinanggap: Pebrero 10, 2026; Nailathala: Pebrero 12, 2026

SIPI:

Tiana, Lorena B. (2026). *Wikang Filipino Bilang Tinig ng Bayan: Wika, Pagkakakilanlan, at Pakikilahok sa Lipunan*. *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI: 10.64591/4ym06f41

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.

